# DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

*Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.*

FACT SHEET F

## MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA MGA BENEPISYO NG UNINSURED EMPLOYERS BENEFITS TRUST FUND NG ESTADO

Ang mga pinagtatrabahuhan sa estado ng California ay inaatasan ng batas na magpaseguro para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Hindi ito sinusunod ng ilang pinagtatrabahuhan. Ang Uninsured Employers Benefits Trust Fund (UEBTF) ng estado ay isang natatanging pondong gagamitin para bayaran ang mga claim ng mga empleyado na napinsala o nagkasakit habang nagtatrabaho para sa hindi ligal na di nakasegurong pinagtatrabahuhan. Binabayaran ng UEBTF ang mga napinsalang manggagawa at sinusubukang bawiin sa hindi nakasegurong pinagtatrabahuhan ang lahat ng mga benepisyong binayaran nito. Ang UEBTF ay hindi isang tagapagdulot ng seguro sa isang pinagtatrabahuhan o ikatlong partidong tagapangasiwa ng pinagtatrabahuhang mismong nagpapaseguro sa sarili.

Para maging karapat-dapat sa mga benepisyo ng UEBTF, dapat kang magsagawa ng mga partikular na hakbang. Parang mahirap ang proseso, ngunit makakatulong ang pagsasagawa ng tig-iisang hakbang. Ang dokumento ng mga impormasyong ito ay magbibigay sa iyo ng mga impormasyon tungkol sa UEBTF. Kakailanganin mo rin ng mga impormasyon at form, kasama na ang mga gabay 16, 16 (A) at 16 (B) ng Information and Assistance (I&A). Makakakuha ka ng packet na ito mula sa opisyal ng I&A sa Division of Workers' Compensation (DWC) o sa online sa www.dwc.ca.gov. Sa kanan ng navigation pane, sa ilalim ng "Quick Links", i-click ang "maghanap ng dokumento ng impormasyon o gabay ng I & A".

### Paano ko malalaman kung ang aking pinagtatrabahuhan ay may seguro para sa bayad-pinsala para sa mga manggagawa?

Ang ilang pinagtatrabahuhan ay gumagamit ng kumpanya ng seguro at ang ilan ay nagpapaseguro ng mga sarili nila. Sa alinman sa mga ito, ang iyong pinagtatrabahuhan ay kinakailangang magpaskil ng mga impormasyon tungkol sa polisa ng seguro sa bayad-pinsala para sa mga manggagawa sa lugar kung saan nagpapaskil ito ng mga ibang impormasyon sa lugar na pinagtatrabahuhan, tulad ng poster ng pinakamababang sahod Ang poster ng bayad-pinsala para sa mga manggagawa ay kailangang may pangalan, address at numero ng telepono ng tao o ng kumpanya na nag-aasikaso ng mga claim para sa iyong pinagtatrabahuhan at ang petsa ng pagkawala ng bisa ng polisa. Kung hindi ka nakakatiyak kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay may seguro o hindi sa petsang napinsala ka, tawagan ang Workers' Compensation Insurance Rating Bureau (WCIRB) sa 1- 888-229-2472 para malaman ito o bumisita sa kanilang website sa www.caworkcompcoverage.com. Kung ang iyong pinagtatrabahuhan ang nagpaseguro ng sarili nito, maaari kang makipag-ugnayan sa Office of Self Insurance Plans (Opisina ng mga Planong Pagpapaseguro ng Sarili) ng Department of Industrial Relations sa (916) 574-0300 o bumisita sa kanilang website sa www.dir.ca.gov/osip.

### Ano naman kung ang aking pinagtatrabahuhan ay hindi nakaseguro?

Iligal para sa isang pinagtatrabahuhan na magpatakdo ng isang negosyo at magkaroon ng mga empleyado nang hindi nakaseguro para sa bayad-pinsala para sa mga manggagawa. Ang hindi pagsunod sa batas na ito ay maaaring magbunga ng mga napakataas ng multa, pagkakasara ng negosyo, mga kriminal na asunto ay kahit na pagkakabilanggo ng pinagtatrabahuhan. Makipag-ugnayan sa lokal na opisina sa estado ng California, ang Department of Industrial Relations, Division of Labor Standards Enforcement (DLSE) at magsampa ng reklamo kung naniniwala kang ang iyong pinagtatrabahuhan ay pinapatakbo nang hindi nakaseguro. Pumunta sa www.dir.ca.gov/dlse para mahanap ang isang opisinang malapit sa iyo.

### Makakatanggap ba ako ng mga benepisyong nararapat sa akin kung ang pinagtatrabahuhan ko ay hindi nakaseguro?

Oo. May mga ilang opsyon ka para sa paghabol g mga benepisyong iyon. Una, magsumite ng DWC 1 claim form (tingnan ang gabay 1 ng I&A) sa iyong pinagtatrabahuhan at alamin kung ang iyong pinagtatrabahuhan ang magbabayad ng iyong mga medikal na bayarin at mga ibang benepisyo. Kung walang seguro, ang iyong pinagtatrabahuhan ay maaaring magdesisyong bayaran ang iyong medikal na bayarin at direktang bayaran sa iyo ang mga bayad-pinsala. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Employment Development Department at mag-apply para sa benepisyo ng seguro ng estado sa pagkakapinsala (state disability insurance - SDI) na maaaring makabawi ng ilan sa mga kita na nawala kung hindi ka makakapagtrabaho.

Kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay hindi nakaseguro at ayaw o hindi makakayanan na magbayad ng iyong claim, maaari ka ring maghabla para sa mga benepisyo sa isang sibil na hukuman.

Kung gagamit ka ng mga reperensiyang makukuha sa iyong lokal na DWC I&A Office at pumapayag na siyang mag-aasikaso, maaari mong makuha ang mga benepisyo mo sa pamamagitan ng pakikipagkasunduan sa iyong pinagtatrabahuhan. Malamang na kakailanganin mong humarap sa isang hukom ng bayad-pinsala para sa manggawa para "maibigay" sa iyo ang iyong mga benepisyo. Tutulungan ka ng opisyal ng I&A para malaman ang iyong mga karapatan at opsyon.

## Paano ako makapag-aaplay para sa mga benepisyo sa UEBTF?

Una, magbukas ka ng kaso sa inyong lokal na opisina ng WCAB. Tingnan ang gabay 1 ng I&A. May dalawang natatanging kailangan na **dapat** mong matugunan para makapagsumite ng claim sa UEBTF:

1. Dapat na wasto mong matutukoy (magbigay ng legal na pangalan ng) iyong pinagtatrabahuhan
2. Dapat mong abisuhan ang iyong pinagtatrabahuhan tungkol sa iyong claim sa pamamagitan ng isang legal na proseso na tinatawag na "abisuhan"(service).

Mababayaran lamang ng UEBTF ang mga benepisyo mo kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay wastong napangalanan at naserbisyuhan. Kung ikaw ay haharap sa isang hukom ng bayad-pinsala para sa mga manggagawa at matanggap ang mga "ipinagkaloob" na benepisyo, dapat na bayaran ng UEBTF ang ipinagkaloob kung hindi magagawa ito ng pinagtatrabahuhan. Kung hindi ka magsisimulang makatanggap ng mga benepisyo mula sa iyong pinagtatrabahuhan sa loob ng 10 araw pagkatapos nitong malaman ang tungkol sa ipagkakaloob sa iyo, maaari kang magpatulong sa opisyal ng I&A para makuha ang mga benepisyo mula sa UEBTF. Maaaring magdesisyon ang UEBTF ayon sa sarili nitong pagdedesisyon, na bayaran ang iyong mga benepisyo bago ilabas ng hukom ang ipagkakaloob sa iyo, para gustuhin mong magsumite nang sabay ng iyong mga papeles sa WCAB at sa UEBTF.

Tingnan ang gabay 16 ng I&A para sa bawat hakbang ng proseso ng pag-apply. Tingnan ang gabay 16 (A) ng I&A para sa mga impormasyon para pangalanan ang iyong pinagtatrabahuhan. Tingnan ang gabay 16 (B) ng I&A para sa mga impormasyon kung paano abisuhan ang iyong pinagtatrabahuhan. Tandaan, **dapat** mong wastong mapangalanan at maabisuhan ang iyong pinagtatrabahuhan para makuha ang mga benepisyong ito.

## Hindi ako nadokumentuhang manggagawa. Karapat-dapat ba ako sa mga benepisyo?

Oo. Ang lahat ng mga manggagawa ng California -- maging sila man ay awtorisado ng batas na magtrabaho sa Estados Unidos o hindi -- sila ay karapat-dapat sa mga benepisyo kung napinsala sa trabaho. Kung karapat-dapat ka para sa medikal na paggamot, mga bayad para sa pansamantalang kapansanan kung ikaw ay hindi makakapagtrabaho habang nagpapagaling sa mga ilang paraan bilang resulta ng iyong pagkapinsala at benepisyo sa pagkamatay. Maaari kang maging karapat-dapat para sa karagdagang benepisyo para pagbabagoo pagkatanggal sa trabaho kung ikaw ay may permanenteng kapansanan.

## Mukhang napakakumplikado ng prosesong ito. Kakailanganin ko bang kumuha ng abogado?

Kung isasagawa mo ang proseso isa-isa ang hakbang matutuklasan mong madali ito. Maaari ka ring tumawag ng abogado para talakayin ang iyong kaso. Ang iyong opisyal sa lokal na I&A ay may listahan ng mga abogadong umaasikaso ng kaso tungkol sa sa batas ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Maaari mo ring tingnan ang mga dilaw na pahina ng direktoryo ng telepono, ang State Bar, o lokal na bar association para makahanap ng abogado sa bayad-pinsala sa mga manggagawa.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na opisina ng I&A. Maaari mo ring i-download ang mga gabay ng I&A at kumuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.

Marso 2013